SOCIAL SCIENCE DILIMAN
12:1 January – June 2016
78 – 107
ISSN 1655-1524 Print
ISSN 2012-0796 Online

HISTORICAL NOTES

# "Siempre he encontrado en dicho camarada un verdadero espiritu revolucionario": Tala hinggil sa ilang bagong tuklas na dokumento sa Arkibo ng COMINTERN hinggil sa mga mandirigmang Pilipino sa Espanya na kaanib sa Brigada Internacional (1936–1939)

**Ramon Guillermo**

ABSTRAK

Maaari na ngayong masangguni ang dating mga klasipikadong dokumento sa arkibo ng Communist International (Comintern) na nakabase sa dating Unyong Sobyet (mula 1919 hanggang 1943). Malaki ang maiaambag ng mga dokumentong ito sa pagpapalitaw ng bagong mga impormasyon hinggil sa kasaysayan ng komunismo sa Pilipinas. Nakatuon *ang Makasaysayang Tala* na ito sa mga bagong tuklas na dokumento hinggil sa mga mandirigmang Pilipino sa panig ng Republikanong pamahalaan noong Giyera Sibil ng Espanya (Mga Personal na File Hinggil sa mga Pilipinong Boluntaryo sa Brigada Internacional (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024)).

MGA SUSING-SALITA

Comintern; Brigada Internacional; komunismo sa Pilipinas,
Giyera Sibil ng Espanya; kasaysayang panlipunan at pampolitika

ABSTRACT

The availability of previously classified documents in the archives of the Communist International (Comintern) in the former Soviet Union (1919–1943) yields new information on the history of communism in the Philippines. This *Historical Notes* will focus on some newly found documents which shed light on Filipino combatants on the side of the Republican government during the Spanish Civil War (Personal Files on Filipino Volunteers in the International Brigades (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024)).

KEYWORDS

Comintern, Brigada Internacional, communism in the Philippines,
Spanish Civil War, social and political history

Noong 1992 lamang binuksan para sa mga mananaliksik ang mga dating sikreto o klasipikadong dokumento ng organisasyong Communist International (Comintern) na nasa pag-iingat ng Russian State Archive of Social and Political History (RGASPI). Mula noong 2003, maaari na ring makakuha ng mga tala ng database at mga elektronikong kopya ng mga dokumentong itinuturing na pinakamahalaga at pinakamadalas sanggunian sa may-bayad na website na Comintern-Online. Ngunit magandang balita na kamakailan lamang, mula noong Marso 2015, ay inilipat na ang mga materyales sa Federal Archives website (http://sovdoc.rusarchives.ru) kung saan libre na itong magagamit ng mga mamamayang Ruso. Ang elektronikong arkibo ay naglalaman ng may 240,000 rekord at 1.6 milyong elektronikong kopya. Itong huli ay tinatayang bumubuo ng 10% ng kabuuang bilang ng 20 hanggang 25 milyong pahina ng mga dokumento sa arkibo ng Comintern.

Itinatag ang Comintern sa unang kongreso nito noong 2–6 Marso 1919, upang maitaguyod at maisulong ang mga rebolusyonaryong layunin ng kilusang komunista sa pandaigdigang antas. Nilusaw naman ito ni Joseph Stalin noong 1943, sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, upang mapalakas ang kooperasyon ng Unyong Sobyet at mga Allies laban sa mga puwersa ni Hitler. Napakahalaga ng mga pangkasaysayang batis na makukuha sa mga arkibo ng Comintern upang magkaroon ng dagdag na kaalaman at materyales hinggil sa naging papel ng Comintern, sa panahong aktibo ito mula 1919 hanggang 1943, sa mga aspektong ideolohikal, pulitikal, at pang-organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Ang mga nailimbag nang kasaysayan ng PKP tulad ng mga isinulat nina Ken Fuller (2007), Jim Richardson (2011), at ng PKP mismo (1996) ay hindi pa nakinabang sa impormasyong maaaring makalap mula sa mga arkibo ng Comintern.

Nakapagpalitaw ng 120 rekord ang paghahanap ng terminong “Pilipinas” (Филиппины). Dalawampu’t walong (28) rekord naman ang lumalabas para sa “Pilipino” (филиппинский). Dulot ng napakaraming bilang ng mga pahinang bumubuo sa arkibo ng Comintern sa kabuuan, napakakaunti lamang talaga ng mga nakalistang dokumentong may kaugnayan sa Pilipinas na makukuhanan ng elektronikong kopya sa pamamagitan ng Federal Archives website. May ilang matutuklasang interesanteng materyales katulad ng dokumentong may pamagat na *Information on P.I. Situation* na para sa isang Kasamang Andreyev at pinirmahan ni Crisanto Evangelista (may petsang 29 Enero 1939) (Archive code: RGASPI. F.495. Op.14. D.410) maliban pa sa ilang personal na liham ni Evangelista.

Gayunpaman, ang isa sa mga pinakainteresanteng tuklas ay ang dokumentong pinamagatang *Mga Personal na File Hinggil sa mga Pilipinong Boluntaryo sa Brigada Internasyonal* [Личные дела филиппинских добровольцев интербригад] (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024). Binubuo ng kabuuang bilang na 43 na ini-*scan* na pahina ang file.

Nagkataong nitong nakaraang mga taon ay nagkaroon muli ng malaking interes sa kasaysayan ng Brigada Internacional na nilahukan ng 35,000 boluntaryo mula sa 53 bansa. Tatlumpung (30) publikasyon hinggil sa temang ito ang inilathala sa iba't ibang wika noon lamang 2009 (Requena & Prades, 2014, p. 184) (para sa panig ng mga "Nasyonalista" o "Falangista" sa Pilipinas, cf. Rodao (2014)). Gayunpaman, kakaunti pa rin o halos walang nilalaman ang mga kasaysayan hinggil sa mga Pilipinong lumahok sa Giyera Sibil ng Espanya kahanay ng Brigada Internacional sa panig ng Republika ng Espanya at laban sa mga Falangistang pinamumunuan ni Heneral Francisco Franco (1892–1975) (Constantino, 1975, pp. 386–387; Richardson 2011; Fuller 2007, p. 239). Maging ang kabuuang bilang ng mga lumahok ay hindi malinaw. May ilang mababasa hinggil dito sa opisyal na kasaysayan ng PKP, na gumamit ng mga akda nina Andreu Castells at Arthur H. Landis bilang batis. Maliban pa rito, maraming impormasyon sa kasaysayan ng PKP na galing sa pananaliksik ni Richardson (email sa may-akda, 4 Oktubre 2015). Ang sinasabing pinakamababang bilang ng mga lumahok ay 16 kung saan may isang namatay at apat na nasugatan (PKP, 1996, p. 256). Inilista ng kasaysayan ng PKP ang anim na pangalan: Servando Acevedo Mondragon, Aquilino Belmonte-Capinolio, Mark Fajardo, Dimitri Gorostiaga, Manuel Lizarrago, at Pedro Penino. Itong huli, na isa sa mga nakauwi sa Pilipinas at nakapag-ulat sa PKP, ay nagsabing may 50 Pilipino na "puro at mestiso" na sumali sa Brigada Internacional at nagbigay rin ng mga hindi kumpletong identipikasyon ng mga nagngangalang Claro, Colonel Santiago, Mendoz, at Manuel (PKP, 1996, pp. 257–259).

May mga importante namang dagdag na impormasyon na makukuha mula sa online database na Abraham Lincoln Brigade Archives (ALBA) na binuo ni Chris Brooks (http://www.alba-valb.org). Ayon sa website, ang layunin nito ay magbigay ng kumpletong listahan at makakolekta ng pinakamaraming posibleng impormasyon hinggil sa mahigit 28,000 indibidwal na umalis mula sa teritoryo ng Estados Unidos para lumaban sa hanay ng nanganganib na Republika ng Espanya. Kasama sa listahang ito ng mga kasapi ng Lincoln Brigade ang mga Pilipinong nanggaling sa Estados Unidos na masasabing bumubuo sa pinakamalaking pangkat ng mga boluntaryong Pilipino na tumungo sa Espanya. Malaki ang papel ng iskolar na si Richardson sa pagpuno ng impormasyon tungkol sa mga Pilipinong miyembro ng Lincoln Brigade. May 10 pangalan ng mga Pilipino na makikita sa website na ito: Servando Acevedo Mondragon, Modesto Ausobasa Esteban, Aquilino Belmonte-Capinolio, Mark Fajardo, Dimitri Gorostiaga, Manuel Lizarrago, Artemio Ortega Luna, Carlos Lopez Maestu, Eduardo Mirandu Gonzales, at Pedro Penino. Nakapaglista naman si Florentino Rodao (2014, p. 456) ng 24 na pangalan na hindi limitado sa mga kasapi ng Lincoln Brigade. Ito ang pinakakumpletong listahan na mayroon sa kasalukuyan. Bagama't kakaunti ang impormasyong mahahalaw mula sa mga batis na pinagbatayan ng listahan ni Rodao, nakatala rito ang pangalan ng 11 na hindi nabanggit sa ibang lugar (Richardson, email sa may-akda, 3 Oktubre 2015).

May mga batis din hinggil sa mga Pilipinong mandirigma sa Espanya na baka hindi pa ganap na nasusuyod. Halimbawa ay ang nakaiintrigang maliit na

papel na ginanap ng isang di pa nakikilalang boluntaryong Pilipino sa pelikulang pampropaganda ng mga Nazi na pinamagatang *Im Kampf gegen den Weltfeind - Deutsche Freiwillige in Spanien* [Pakikidigma laban sa Kaaway ng Daigdig - Mga Alemang Boluntaryo sa Espanya] (1939) (haba: 83 minuto 56 segundo). Ipinapakita ng dokumentaryong ito na idinirihe ni Karl Ritter ang "kadakilaan" ng mga sundalong Aleman na lumahok sa pakikipaglaban sa panig ni Heneral Franco. Sa isang seksiyon ng dokumentaryo kung saan ipinipresenta ang mga sundalo ng Brigada Internacional na nabihag ng mga Aleman, may isang Pilipino na tinanong sa wikang Ingles ng nag-iinterbyung Aleman, "Why you came to Spain to kill?" Walang kahit anong pagdadalawang-isip na sumagot siya sa tuwid na wikang Tagalog, "Isang araw nandun ako sa bar umiinom ako ng cerveza. Yung isang kakilala ko pumunta roon. Tinanong sa akin kung meron akong trabaho? Sabi ko wala." (At nagkibit ng balikat.) (12:20 hanggang 12:33) (Larawan 1).



Larawan 1. Di Kilalang Pilipino sa *Im Kampf gegen den Weltfeind - Deutsche Freiwillige in Spanien* [Pakikidigma laban sa Kaaway ng Daigdig - Mga Alemang Boluntaryo sa Espanya] (Karl Rotter, Dir., 1939) (haba: 83 minuto 56 sekundo).

Dalawampu't apat (24) na pangalan ang kabuuang bilang na lumitaw mula sa lahat ng mga kasalukuyang batis. Siyam sa mga ito ay nabanggit sa kasaysayan ng PKP, siyam din mula sa website ng ALBA, siyam naman mula sa mga dokumento mula sa arkibo ng Comintern, at ang kabuuang 24 mula sa disertasyon ni Rodao (Talahanayan 1). Si Enrique Galfa Almenar lamang ang lumitaw sa mga dokumento ng Comintern na hindi nababanggit sa unang dalawang batis. Apat na dokumento ang may letterhead na "Partido Comunista de España - Comite Central - 205, Calle Balmes - Barcelona" (Larawan 2) at isa naman ang may letterhead na "Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales - Pasaje Mendez Vigo, 5 - Barcelona". Sa kabuuang 43 pahinang bumubuo sa mga dokumento ng Comintern, 10 pahina ang nakalaan para lamang kay Artemio Luna Ortega at 10 naman ang nakatuon kay Manuel Lizarraga na kapwa nagpuno ng pormularyong may pagamat na *Biografia de Militantes* (Larawan 4a–4d; Larawan 5a–5d). Sina Mark Fajardo at Pedro Penino ay nababanggit lamang sa dalawang piraso ng papel (Larawan 7a–7b; Larawan 8).

Kapansin-pansin sa mga dokumento ang higit na detalyadong impormasyon kaysa dati nang nalalaman hinggil sa biograpiya ng mga boluntaryong Pilipino. Inilista ng tripulanteng si Manuel Lizarraga (isinilang 1 Enero 1895), na nagtrabaho ng maraming taon para sa Compañia Naviera Elizalde, ang mga wikang nasasalita niya: Espanyol, Ingles, Pranses, Portuges, at Filipino (si Lizarraga ang nasa Larawan 3). Sa maliit na piraso naman ng papel hinggil kay Pedro Penino (isinilang 1907), inilalarawan siya bilang, "Pwede na bilang kasama.



11

**PARTIDO COMUNISTA DE ESPAÑA**
COMITE CENTRAL
Calle Balmes, 205
BARCELONA

Fecha Enero 9 1939

El Comité dirigente del Partido de la Concentración de Alcira, vista la conducta (buena o mala) Regular del camarada (apellidos) Miranda Gonzales (Sold. (nombre) Eduardo, nacionalidad Filipinas, del Batallón 2. C. G. San., el cual se halla en instancia de repatriación (~~o que se halla ya en el Extranjero~~) a Mexico (de repatriado, ~~permisionario, desertor, etc.~~)

lo señala al Comité Central del Partido para efectos oportunos.

Este compañero, que es (o que no es) no es miembro de nuestro Partido, en tanto como (soldado, ~~suboficial, comisario, etc.~~) Soldado cumplió con su tarea de la siguiente forma: Desde que está en la Concentración ha estado continuamente en la Oficina d 26 de octubre hasta la fecha: Ha cumplido con lo ordenado.—

es así como debemos apreciarlo. Su actitud, en general, y su participación a la vida política se caracterizan con las cualidades siguientes: Su actitud aparente, buena.— Su participación en la vida política, indiferente.—

Con los siguientes defectos: Oportunista — con habilidad —

Su actividad de militante del Partido, del mes de ... hasta el mes de ... fué

Su conducta personal fué Regular

Se mostró (disciplinado, serio, valiente, etc)

La opinión corriente entre los camaradas, respecto a él, es: indiferente

El Comité de Partido de la Brigada, después de examen de toda la vida en España de este camarada, decide señalarlo al Comité Central:

*a)* Como a buen antifascista (socialista, sin partido o demás), aunque no sea comunista
Se duda de su condición de antifascista

*b)* Como a un elemento a ayudar o aconsejar del punto de vista político

*c)* Como a buen militante

*d)* Como a un organizador, agitador o demás

*e)* Como a un enemigo (trotskista, agente provocador, etc.) no

*f)* Como a un desclasado (desertor, desorganizador, etc.), que hay que combatir y denunciar no

EL COMITE DE PARTIDO DE LA BRIGADA

Firma: 1) Victor Dolia 2) José Fontanals 3) Juan Lafonta

*N. B.*—Para explicaciones complementarias, añadir las notas al dorso, o bien escribirlas en una hoja aparte.

Prensa Obrera—Valencia

Larawan 2. Dokumentong may letterhead na "Partido Comunista de Espana -Comite Central - 205, Calle Balmes - Barcelona". Nahihinggil kay Eduardo Miranda Gonzales (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).

Mainitin. Madaling galitin. Walang pampulitikang pag-unlad. Maaaring gamitin" (*Fair comrade. Impulsive. Easily provoked. No political development. Can be used.*). Si Artemio Luna (27 Pebrero 1901) naman ay tila nagmula sa isang prominenteng pamilyang nagmamay-ari ng mga lupain sa Naguilian, La Union. Nakapagtapos siya ng inhenyeriya sa isang "College of Engineering" sa Pilipinas (sa Unibersidad ng Pilipinas kaya?) at lumipat sa Estados Unidos upang magtrabaho. Doon siya sumapi sa Partido Komunista ng Estados Unidos. Kabilang sa kanyang mga inilistang akdang binasa ay ang *Das Kapital* ni Karl Marx. Ayon sa isang nakalakip sa mga papeles na testimonya (2 Hunyo 1938) hinggil sa kanya bilang kasama, "lagi kong nakikita sa nabanggit na kasama ang isang tunay na diwang rebolusyonaryo, isang kamalayang napakatayog, at isang disiplinang hindi matatawaran" (*siempre he encontrado en dicho camarada un verdadero espiritu revolucionario una conciencia elevadicima y une diciplina intachable*).

## Paglalagom

Posibleng may matutuklasan pang ibang mga dokumento sa mga arkibo ng Comintern hinggil sa mga mandirigmang Pilipino na lumahok sa Brigada Internacional na hindi naisama sa mga dokumentong nakatala na rito. Maliban sa importansiya nito sa kasaysayan ng radikalismo at sa mga anyo ng "internasyonalismo" na isinulong sa Pilipinas, may intrinsikong interes din ang mga masalimuot na kwentong-buhay ng mga lumahok sa Brigada Internacional bilang bahagi ng kasaysayan ng paglalakbay at pandarayuhan ng mga Pilipino sa iba't bang dako ng daigdig (Salazar, 1999; Aguilar, 2000). Sa kabilang banda naman, higit pa sa partikular na usapin ng mga mandirigmang Pilipino na lumahok sa Brigada Internacional sa Espanya, ang mga batis hinggil sa Pilipinas mula sa 24 na taon ng pag-iral ng Comintern ay makapagbibigay ng mas kompletong larawan ng partisipasyon ng mga Pilipinong komunista sa pandaigdigang kilusang ito at gayundin ng mga usaping panloob na kasaysayan ng PKP. Matataya na wala pang limang porsiyento ng mga dokumento hinggil sa PKP o sa Pilipinas sa pangkabuuan ang may kopyang elektroniko na maaaring mai-download. Kailangan talagang sadyain ng mga mananaliksik sa Moscow ang mga tala hinggil sa Pilipinas upang matipon ang mga ito at maiuwi sa bansa. Gayundin, kinakailangan ding maisalin ang mga dokumentong nasa wikang Ruso sa wikang mas madaling magagamit ng mga Pilipinong mananaliksik.



Larawan 3. Manuel Lizarraga (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).



LIZARAGA Manule -américain
voir arch gen 134 p 369

13 1239

Balmes, 205 — Teléfono 74143
BARCELONA

COMISIÓN CENTRAL DE CUADROS
(Sección extranjeros)

195292

# BIOGRAFIA DE MILITANTES

Todo camarada que no es español y que desea entrar en las filas del P. C. de España, deberá escribir una biografía según las normas de este cuestionario; y mandarlo con su demanda, al C. C. por la vía del Partido.
Esta disposición se aplica igualmente a todo camarada que era, antes, miembro de uno de nuestros partidos hermanos y que desea también obtener el carnet del Partido por el año en curso.

**I. PERSONAL**

1. Apellidos y nombre Manuel Lizarraga Nombre de Partido
2. Lugar y fecha de nacimiento Manila (Filipinas) 1-1-1895
3. Nombre de tus padres, de familiares próximos, sus condiciones sociales, sus opiniones políticas
Mónico Lizaraga y Pastora Conejero

¿Dónde se encuentra ahora tu familia? (Dirección) Calle Aldecoa Nº 1269 - Manila

4. ¿Cuál es tu nacionalidad? Filipino
5. Estado soltero
6. Lugar de procedencia Niza (Francia)
7. Profesión piloto marina mercante
8. ¿Tienes otros conocimientos profesionales y cuáles son? agricultura (estudio)
9. Lugar de trabajo antes de tu salida para España Compañía Naviera Elizalde s/ "Vizayas" ¿Cuántos obreros había en la Empresa donde estabas? 60 tripulantes
10. ¿Cuál era tu salario medio? 200 pesos mensual
11. ¿Tienes miembros de tu familia funcionarios del Estado, agentes de policía o fascistas? En caso afirmativo, ¿cuáles son sus apellidos y nombres, el papel que han tenido en las circunstancias actuales y cuáles son las relaciones que tienes con éllos? nada

**II. DESENVOLVIMIENTO PROFESIONAL**

12. ¿Cuáles son los estudios profesionales que has cursado (dónde, cuándo y en cuánto tiempo)? piloto náutico en Manila 20 años
13. ¿En qué fábricas o empresas has trabajado antes? (¿Cuántos obreros aproximadamente trabajaban?)
14. ¿Has estado parado? En lo afirmativo ¿en qué época y cuánto tiempo? 1934 - 3 meses en Nueva York y -

**III. VIDA SINDICAL**

15. ¿Has sido miembro de organizaciones sindicales? ¿Cuáles? ¿Dónde? Asociación de Oficiales de Marina (en Manila)
16. ¿A qué organización sindical internacional pertenece tu sindicato?
17. ¿Has tenido algún cargo de responsabilidad en la organización sindical? ¿Has efectuado algún trabajo en dicha organización? ¿Cuáles?

¿Has representado el sindicato en la fábrica (o empresa)? ¿Cuánto tiempo?

Larawan 4a–4b. Biografia de Militantes ni Manuel Lizarraga (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).

## IV. VIDA SOCIAL

18. ¿Has sido miembro de alguna organización social, juvenil, cooperativa, cultural, deportiva, etc., y en qué tiempo? En caso afirmativo, ¿sigues siéndolo? ........ marino ........

19. ¿Has tenido algún cargo particular en dichas organizaciones? ¿Cuáles? ¿Cuánto tiempo? ........

20. ¿Eres miembro del Socorro Rojo? ¿Desde cuándo? ¿Dónde? ........

## V. VIDA POLÍTICA

### a) Actividad de Partido

21. ¿Cuándo has empezado a interesarte al movimiento proletario? ¿En qué condiciones? ¿Has sido influenciado por alguna razón? (lecturas, ambiente, etc.) ........ 1934 por lucha del pueblo trabajado me venido a luchar ........

22. ¿En qué fecha te has adherido al P. C.? ........ 1938
¿Dónde? en la 15 Bgda Internacional ........ ¿En qué célula estabas? ¿Cuál es el número de tu último carnet del P. que te fué concedido por la célula? ........

¿Cuáles son los camaradas responsables que presentaron tu demanda de inscripción al Partido? ........

¿Siguen siendo miembros del P.? ........

23. ¿Has tenido algunas funciones dirigentes o algún cargo de responsabilidad en el Partido? En lo afirmativo, ¿cuáles y durante cuánto tiempo? ........

24. ¿Cuál es el trabajo de Partido que has efectuado más? (organización, etc.) ........

25. ¿Has participado a algún Congreso o Conferencia Nacional del Partido? ¿Cuáles? ¿Con qué mandato? ........

26. ¿En qué movimientos obreros has participado? (Huelgas, manifestaciones seguidas por luchas en la calle, etc.) ........

27. ¿Has sido detenido? ¿Cuántas veces? ¿En qué fechas? ........

28. ¿Has pasado delante de los Tribunales? ¿Cuántas veces? ¿Cuándo? ........

¿Bajo qué acusaciones? ........
¿Qué Tribunal te juzgó? ........

29. ¿Has sido juzgado solo o con otros camaradas? En este último caso, ¿cuáles son sus nombres? ........

30. ¿Qué condena te ha sido infligida? ........
¿En qué carcel has estado? ¿En qué campo de concentración, campo de trabajo has pasado tu condena? ........

¿En qué fecha has sido liberado? ........
¿Has aprovechado de disposiciones de amnistía u otras especiales que han abreviado tu estancia en las cárceles o provocado tu liberación? En caso afirmativo, ¿cuáles? ........

31. ¿Has efectuado un trabajo del P. en países y en momentos en los cuales el Partido estaba obligado a vivir en la ilegalidad? ¿Dónde, cuándo, y qué trabajo? ........

32. En tu país, ¿cuáles son las ciudades que conoces, además de la tuya? ........

14

33. ¿Es la primera vez que eres emigrado de tu tierra? desde 1920 por circunstancias de la
¿Cuándo has emigrado de tu tierra? profesion
¿A qué países has ido?

¿Estás en una situación legal con respecto a las Autoridades de tu país? si

¿Eres conocido como comunista en tu país? no ¿y en emigración?
34. ¿Has salido de tu tierra con medios legales (pasaporte legal) o por medios ilegales? legales

¿Quién te ayudó a salir ilegalmente, el Partido o otra organización?

35. ¿A qué organizaciones políticas o sindicales has participado en los países a donde has emigrado?

36. ¿Cuáles son las personas **responsables** (nombre y apellido) de partidos políticos, de organizaciones sindicales, culturales, de cooperativas, deportivas y de másas con las que tienes relaciones de amistad personal?
informacion 15 Bgda internacional

**b) Posición política y moral**

37. ¿Has tomado parte en fracciones o corrientes de oposición en el interior del Partido? En caso afirmativo, ¿cuáles y hasta qué fecha?

38. ¿Has tenido posiciones políticas contrarias a la línea política del Partido? ¿Respecto a qué problemas? ¿En qué épocas?

39. ¿Has sido alguna vez castigado en el Partido por razones de disciplina, políticas u otras? En caso afirmativo, ¿por qué razón y cuándo?

40. ¿Estás en contacto con elementos expulsados del Partido o elementos denunciados por él?
¿Cuáles son?
¿Cuáles son las razones por las cuales tienes esas relaciones?

41. ¿Tienes relaciones con trotsquistas? no ¿Quiénes son?
¿De qué naturaleza son esas relaciones?
¿Por qué no has roto con ellos?
42. ¿Has venido a España con la autorización de la organización del Partido? P. C. de Niza (Francia)
43. ¿Has sido ya expulsado por otros partidos u otras organizaciones? En caso afirmativo, ¿cuándo y por qué razones?

**c) Nivel cultural**

44. ¿Cuáles son los estudios que has hecho? (Escuelas elementales, primarias, Universidad, Cursos especiales)
Bachillerato y nautica

45. ¿Qué estudios, cursos políticos organizados por el Partido has frecuentado? (¿En qué época y cuánto tiempo?)

46. ¿Qué periódicos y revistas del Partido lees normalmente? Frente Rojo

47. ¿Cuáles son los libros de doctrina comunista y política que has estudiado o solamente leído?
obras de Lenin

48. ¿Cuáles son las cuestiones políticas que han llamado más tu atención, y qué te gusta más estudiar?
cuestiones entre patrono y obrero
49. ¿Qué idiomas conoces? español ingles frances Portugues y Filipino

¿Puedes hablarlos? si ¿Escribirlos? si
¿Has hecho ya traducciones? si

Larawan 4c–4d. Biografia de Militantes ni Manuel Lizarraga
(Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).

50. ¿Has escrito artículos para los periódicos? periódico mural de Batallón
¿Sobre qué problemas? sociales ¿En qué periódicos?

**d) Capacidades y experiencias militares**

51. ¿Has sido soldado (movilizado o voluntario) en el Ejército de tu país? no ¿En qué época?
¿Cuánto tiempo? ¿Dónde?
¿En qué regimiento? ¿Cuál era tu posición durante las sublevaciones revolucionarias de 1917-18 en tu país?

52. ¿Qué grado o función has tenido en ese Ejército?
¿Qué grado tenías en la época de tu liberación?

53. ¿Has participado a la guerra? no ¿Cuándo? ¿Dónde?
¿Has trabajado en el ejército para el partido?

54. ¿Tienes conocimientos militares prácticos o técnicos particulares?
¿Cuáles?

**e) Vida en España**

55. ¿Cuándo has llegado a España? 10-12-36
56. ¿Por qué medios? por medio del Partido Comunista
57. ¿Con qué objetivo has venido a España? luchar por la causa del proletariado
58. ¿Qué funciones militares y políticas has tenido en España? de soldado a teniente
59. ¿En qué combates has estado? Lopera - Jarama Brunete
60. ¿Has sido herido? si ¿En qué circunstancias? en Brunete

¿Has sido declarado inútil para el Servicio Militar? si
¿Has sido declarado útil para el servicio a la retaguardia? observacion
¿Eres mutilado de guerra? si

61. ¿Estás de vuelta del frente? si ¿Por qué motivos? herido
62. ¿A qué unidad militar has sido afectado? 15 Brigada Internacional - 57 Batallon

¿Dónde estás ahora? (Brigada, Compañía, Hospital, Fábrica, Oficina, etc.) Hospital Militar de Vich

63. Durante tu estancia en el Ejército Popular Español, ¿cuáles son las promociones con las cuales has sido distinguido? ascenso a Sargento en el frente de Lopera y a Teniente en el Jarama
¿Con qué motivaciones y en qué circunstancias? por méritos de guerra

64. ¿A qué organizaciones políticas o populares así como sindicales estás adherido en España? S.R.I Grupo de Hospital
¿En qué fecha? Mayo 1938 ¿En qué ciudad? Vich
¿Quién te propuso? Comité de G.

65. ¿Cuáles son los camaradas con los cuales tienes más relaciones y cuáles son los responsables que pueden confirmar la exactitud de lo que has afirmado? Jose Rodriguez Gallego

(Lugar) Vich a día 12 de Mayo de 1938

Fotografía

FIRMA: M. Lizarraga

NOTA: El Partido expulsa a todos los que dan falsos informes o tratan de engañarlo.
Los compañeros deben informar sobre todas sus actuaciones; en caso que quieran tener máxima garantía de conspiración, pueden entregar el cuestionario directamente en manos del Comité Central del P. C. E.



20 1738

ESPAÑA

143

COMISIÓN CENTRAL DE CUADROS
(Sección extranjeros)

021614

# BIOGRAFIA DE MILITANTES

Todo camarada que no es español y que desea entrar en las filas del P. C. de España, deberá escribir una biografía según las normas de este cuestionario; y mandarlo con su demanda, al C. C. por la vía del Partido.
Esta disposición se aplica igualmente a todo camarada que era, antes, miembro de uno de nuestros partidos hermanos y que desea también obtener el carnet del Partido por el año en curso.

**I. PERSONAL**

1. Apellidos y nombre *Luna Ortega Artemio* Nombre de Partido *Artemio O. Luna*
2. Lugar y fecha de nacimiento *27 de Febrero Islas Filipinas*
3. Nombre de tus padres, de familiares próximos, sus condiciones sociales, sus opiniones políticas *Simpliciano Luna – Petra Ortega Democrata*
¿Dónde se encuentra ahora tu familia? (Dirección) *Islas Filipinas (muertos)*
4. ¿Cuál es tu nacionalidad? *Filipino*
5. Estado *soltero*
6. Lugar de procedencia *Estados Unidos*
7. Profesión *Debujante Engeira y electrisista*
8. ¿Tienes otros conocimientos profesionales y cuáles son? —
9. Lugar de trabajo antes de tu salida para España *Estados Unidos*
¿Cuántos obreros había en la Empresa donde estabas? *Nueva York Estados Unidos*
10. ¿Cuál era tu salario medio? *35.77 dollares un semana*
11. ¿Tienes miembros de tu familia funcionarios del Estado, agentes de policía o fascistas? En caso afirmativo, ¿cuáles son sus apellidos y nombres, el papel que han tenido en las circunstancias actuales y cuáles son las relaciones que tienes con éllos? *no hay*

**II. DESENVOLVIMIENTO PROFESIONAL**

12. ¿Cuáles son los estudios profesionales que has cursado (dónde, cuándo y en cuánto tiempo)? *12 años*
13. ¿En qué fábricas o empresas has trabajado antes? (¿Cuántos obreros aproximadamente trabajaban?) *Departamento de engeniarón del govierno de Estados Unidos*
14. ¿Has estado parado? En lo afirmativo ¿en qué época y cuánto tiempo? *siempre trabajando*

**III. VIDA SINDICAL**

15. ¿Has sido miembro de organizaciones sindicales? ¿Cuáles? ¿Dónde? *no Estados Unidos y U G T de España*
16. ¿A qué organización sindical internacional pertenece tu sindicato? *U.G.T.*
17. ¿Has tenido algún cargo de responsabilidad en la organización sindical? ¿Has efectuado algún trabajo en dicha organización? ¿Cuáles? *No*
¿Has representado el sindicato en la fábrica (o empresa)? ¿Cuánto tiempo? *No*

Larawan 5a–5b Biografia de Militantes ni Artemio Luna Ortega
(Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).

## IV. VIDA SOCIAL

18. ¿Has sido miembro de alguna organización social, juvenil, cooperativa, cultural, deportiva, etc., y en qué tiempo? En caso afirmativo, ¿sigues siéndolo? No

19. ¿Has tenido algún cargo particular en dichas organizaciones? ¿Cuáles? ¿Cuánto tiempo? No

20. ¿Eres miembro del Socorro Rojo? ¿Desde cuándo? ¿Dónde? Se España

## V. VIDA POLÍTICA

### a) Actividad de Partido

21. ¿Cuándo has empezado a interesarte al movimiento proletario? ¿En qué condiciones? ¿Has sido influenciado por alguna razón? (lecturas, ambiente, etc.) 1931 por eso ya estan partisipando la huelga y demostracion para aumento salarios.

22. ¿En qué fecha te has adherido al P. C.? 1932
¿Dónde? Estados Unidos ¿En qué célula estabas? ¿Cuál es el número de tu último carnet del P. que te fué concedido por la célula? Hospital Villa Paz, Radio saelises No. 337284 – de 1937.

¿Cuáles son los camaradas responsables que presentaron tu demanda de inscripción al Partido? 2 Americanos

¿Siguen siendo miembros del P.? se

23. ¿Has tenido algunas funciones dirigentes o algún cargo de responsabilidad en el Partido? En lo afirmativo, ¿cuáles y durante cuánto tiempo? No

24. ¿Cuál es el trabajo de Partido que has efectuado más? (organización, etc.) No

25. ¿Has participado a algún Congreso o Conferencia Nacional del Partido? ¿Cuáles? ¿Con qué mandato? No
el año no ~~me~~ acuerdo

26. ¿En qué movimientos obreros has participado? (Huelgas, manifestaciones seguidas por luchas en la calle, etc.)

27. ¿Has sido detenido? ¿Cuántas veces? ¿En qué fechas? muchos veces 1932

28. ¿Has pasado delante de los Tribunales? ¿Cuántas veces? ¿Cuándo? muchos veces

¿Bajo qué acusaciones? por manifestación
¿Qué Tribunal te juzgó? Estados Unidos

29. ¿Has sido juzgado solo o con otros camaradas? En este último caso, ¿cuáles son sus nombres? con otros camaradas no recuerdos ~~de~~ nombres

30. ¿Qué condena te ha sido infligida? absuelto
¿En qué carcel has estado? ¿En qué campo de concentración, campo de trabajo has pasado tu condena? No

¿En qué fecha has sido liberado? No
¿Has aprovechado de disposiciones de amnistía u otras especiales que han abreviado tu estancia en las cárceles o provocado tu liberación? En caso afirmativo, ¿cuáles? No

31. ¿Has efectuado un trabajo del P. en países y en momentos en los cuales el Partido estaba obligado a vivir en la ilegalidad? ¿Dónde, cuándo, y qué trabajo? Tresoro de radio Estados Unidos (N.Y.)

32. En tu país, ¿cuáles son las ciudades que conoces, además de la tuya? No



21

33. ¿Es la primera vez que eres emigrado de tu tierra? se
¿Cuándo has emigrado de tu tierra? 1927 Islas Filipinas
¿A qué países has ido? Estados Unidos

¿Estás en una situación legal con respecto a las Autoridades de tu país? legal

¿Eres conocido como comunista en tu país? No ¿y en emigración? No
34. ¿Has salido de tu tierra con medios legales (pasaporte legal) o por medios ilegales? pasaporte legal

¿Quién te ayudó a salir ilegalmente, el Partido o otra organización? No

35. ¿A qué organizaciones políticas o sindicales has participado en los países a donde has emigrado? No

36. ¿Cuáles son las personas **responsables** (nombre y apellido) de partidos políticos, de organizaciones sindicales, culturales, de cooperativas, deportivas y de masas con las que tienes relaciones de amistad personal? No

**b) Posición política y moral**

37. ¿Has tomado parte en fracciones o corrientes de oposición en el interior del Partido? En caso afirmativo, ¿cuáles y hasta qué fecha? No

38. ¿Has tenido posiciones políticas contrarias a la línea política del Partido? ¿Respecto a qué problemas? ¿En qué épocas? No

39. ¿Has sido alguna vez castigado en el Partido por razones de disciplina, políticas u otras? En caso afirmativo, ¿por qué razón y cuándo? No

40. ¿Estás en contacto con elementos expulsados del Partido o elementos denunciados por él? No
¿Cuáles son? No
¿Cuáles son las razones por las cuales tienes esas relaciones? No

41. ¿Tienes relaciones con trotsquistas? No ¿Quiénes son? No
¿De qué naturaleza son esas relaciones? No
¿Por qué no has roto con ellos? No
42. ¿Has venido a España con la autorización de la organización del Partido? se
43. ¿Has sido ya expulsado por otros partidos u otras organizaciones? En caso afirmativo, ¿cuándo y por qué razones? No

**c) Nivel cultural**

44. ¿Cuáles son los estudios que has hecho? (Escuelas elementales, primarias, Universidad, Cursos especiales)

45. ¿Qué estudios, cursos políticos organizados por el Partido has frecuentado? (¿En qué época y cuánto tiempo?)
No

46. ¿Qué periódicos y revistas del Partido lees normalmente? Daily Worker y mundo obrero, y El frente Rojo.
47. ¿Cuáles son los libros de doctrina comunista y política que has estudiado o solamente leído? Manifesto de comunista El capital-(Carlos Marx) Historia Materialismo, Dialectica Materialismo, Estado Revolution, Leninismo. y etc.
48. ¿Cuáles son las cuestiones políticas que han llamado más tu atención, y qué te gusta más estudiar? Economica

49. ¿Qué idiomas conoces? Engles y Español

¿Puedes hablarlos? se ¿Escribirlos? se
¿Has hecho ya traducciones? No tanto

Larawan 5c–5d. Biografia de Militantes ni Artemio Luna Ortega
(Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).

50. ¿Has escrito artículos para los periódicos? No
¿Sobre qué problemas? No ¿En qué periódicos?

**d) Capacidades y experiencias militares**

51. ¿Has sido soldado (movilizado o voluntario) en el Ejército de tu país? se ¿En qué época? 1922 asta 1925 ¿Cuánto tiempo? 3 años ¿Dónde? Islas Filipinas
¿En qué regimiento? Constabulario ¿Cuál era tu posición durante las sublevaciones revolucionarias de 1917-18 en tu país? Estudiente

52. ¿Qué grado o función has tenido en ese Ejército? Cabo
¿Qué grado tenías en la época de tu liberación? "
53. ¿Has participado a la guerra? — ¿Cuándo? — ¿Dónde? —
¿Has trabajado en el ejército para el partido? estoy no miembro del partido
54. ¿Tienes conocimientos militares prácticos o técnicos particulares? se
¿Cuáles? Infanteria y obserbador

**e) Vida en España**

55. ¿Cuándo has llegado a España? 1937 Enero
56. ¿Por qué medios? El Partido
57. ¿Con qué objetivo has venido a España? para luchar la libertad del trabajadores
58. ¿Qué funciones militares y políticas has tenido en España? Soldado

59. ¿En qué combates has estado? Jarama y Brunnette

60. ¿Has sido herido? No ¿En qué circunstancias? No

¿Has sido declarado inútil para el Servicio Militar? servicio auxillar
¿Has sido declarado útil para el servicio a la retaguardia? No
¿Eres mutilado de guerra? No
61. ¿Estás de vuelta del frente? se ¿Por qué motivos? Fatiga

62. ¿A qué unidad militar has sido afectado? 15 Brigada Lincoln Battallon

¿Dónde estás ahora? (Brigada, Compañía, Hospital, Fábrica, Oficina, etc.) Hospital

63. Durante tu estancia en el Ejército Popular Español, ¿cuáles son las promociones con las cuales has sido distinguido? No

¿Con qué motivaciones y en qué circunstancias? No

64. ¿A qué organizaciones políticas o populares así como sindicales estás adherido en España? U.G.T.

¿En qué fecha? 1° de Abril 1938 ¿En qué ciudad? saelices
¿Quién te propuso? engresar con carnet del partido 1937
65. ¿Cuáles son los camaradas con los cuales tienes más relaciones y cuáles son los responsables que pueden confirmar la exactitud de lo que has afirmado? No

(Lugar) Vic día 17 de Mayo de 1938

Fotografía

FIRMA: Artemio Ortega Luna

NOTA: El Partido expulsa a todos los que dan falsos informes o tratan de engañarlo.
Los compañeros deben informar sobre todas sus actuaciones; en caso que quieran tener máxima garantía de conspiración, pueden entregar el cuestionario directamente en manos del Comité Central del P. C. E.



Larawan 6. Litrato ni Artemio 'Jack' Luna (kanan-ibaba) (Abraham Lincoln Brigade Archives).



5

FAHJARDO Mark. age 33. ... pino. C.P. of N.Y., April 1935 Figueras, 5-3-38 5

Larawan 7a. Piraso ng Papel Hinggil kay Mark Fajardo (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).



Larawan 7b. Litrato ni Mark mula sa koleksiyon nina Len at Nancy Tsou
(Abraham Lincoln Brigade Archives).



28

27. Penino, Pedro no cara
repatriated JAN 1937

Philipino*amer. Age 32. Seaman. CP 34. ISU. Arrived Feb. 14. 28
With Lincoln Batt. at Jarama. until June 27. deserted but
came back by himself. With 12th Brigade Auto Park through
Brunete and Aragon until Sept. 12. Since then in Albacete
Intendancia working as electrician.
Address: 1072 Washington St. San Francisco, Calif.
Fair comrade. Impulsive. Easily provoked. No political.
development. Can be used.

Larawan 8. Piraso ng Papel Hinggil kay Pedro Penino (Archive code: RGASPI. F.545. Op.6. D.1024).

TALAHANAYAN 1 — MGA PANGALANG NABANGGIT SA MGA BATIS (X=NABANGGIT)

| | | PKP | ALBA | Rodao (2007) | COMINTERN (blg. ng pahinang may banggit) | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Servando Acevedo Mondragón | X | X | X | | |
| 2 | Martín Aguirre Endeiza | | | X | | |
| 3 | Enrique Almenar Galza (Galfa) | | | X | X | 5 |
| 4 | Gerardo Álvarez Prida | | | X | | |
| 5 | Modesto Anzoleaga Esteban | | X | X | X | 3 |
| 6 | Aquilino Belmonte Capinolio | X | X | X | | |
| 7 | Juan Catasús | | | X | | |
| 8 | “Claro” | | | X | | |
| 9 | Mark Fajardo | X | X | X | X | 1 |
| 10 | Ignacio Figueras | | | X | | |
| 11 | Pedro Gerona | | | X | | |
| 12 | Dimitri Gorostiaga | X | X | X | X | 8 |
| 13 | José Jarana Barbieri | | | X | | |
| 14 | Manuel Lizárraga | X | X | X | X | 10 |
| 15 | Carlos López Maeztu | X | X | X | X | 2 |
| 16 | Artemio Luna Ortega | X | X | X | X | 10 |
| 17 | Inocencio Magsalin | | | X | | |
| 18 | E. Mendoza | | | X | | |
| 19 | Antonio Maldonado | | | X | | |
| 20 | Eduardo Miranda Gonzalez | X | | X | X | 2 |
| 21 | Pedro Penino | X | X | X | X | 1 |
| 22 | Pedro Rabanal | | | X | | |
| 23 | Felix Razon | | | X | | |
| 24 | Policarpio Santiago | | | X | | |

TALAHANAYAN 2 — DESKRIPYON NG 43 ELEKTRONIKONG IMAHE SA FILE NA PINAMAGATANG “MGA PERSONAL NA FILE HINGGIL SA MGA PILIPINONG BOLUNTARYO SA BRIGADA INTERNASYONAL” (ЛИЧНЫЕ ДЕЛА ФИЛИППИНСКИХ ДОБРОВОЛЬЦЕВ ИНТЕРБРИГАД) (ARCHIVE CODE: RGASPI. F.545. OP.6. D.1024).

| Blg. | Pamagat o Letterhead ng Dokumento | Petsa | Tipo ng Dokumento at Anyong Pisikal | Paksa/ May-akda |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Partido Comunista de Espana<br>Comite Central<br>205, Calle Balmes<br>Barcelona | 20-11-38 | Pormularyong makinilyado | Enrique Almenar |
| 2 | | | Blangkong pahina | Enrique Almenar |
| 3 | Ficha Individual (p. 1) | | Pormularyong makinilyado | Enrique Almenar Gafra (b. 25-7-1920) |
| 4 | Ficha Individual (p. 2) | 18-12-38 | Pormularyong makinilyado | Enrique Almenar Gafra |

TALAHANAYAN 2 (KATULOY)

| Blg. | Pamagat o Letterhead ng Dokumento | Petsa | Tipo ng Dokumento at Anyong Pisikal | Paksa/ May-akda |
|---|---|---|---|---|
| 5 | Filipinos | | Tekstong makinilyado | Enrique Almenar Gafra |
| 6 | Partido Comunista de España<br>Comité Central<br>Calle Balmes, 205<br>Barcelona | Enero 1939 | Pormularyong nakalimbag | Modesto Ansoleaga Esteban |
| 7 | | | Kabilang panig ng pahina #6 | |
| 8 | | | Piraso ng papel na *onion skin* na may mga mantsa | Mark Fajardo |
| 9 | Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales<br>Pasaje Mendez Vigo, 5<br>Barcelona (p. 1) | Nov. 12. 1938 | Pormularyong nakalimbag | Dimitri Gorostiaga |
| 10 | Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales<br>Pasaje Mendez Vigo, 5<br>Barcelona (p. 2) | | | Dimitri Gorostiaga |
| 11 | Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales<br>Pasaje Mendez Vigo, 5<br>Barcelona (p. 3) | | | Dimitri Gorostiaga |
| 12 | Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales<br>Pasaje Mendez Vigo, 5<br>Barcelona (p. 4) | | | Dimitri Gorostiaga |
| 13 | Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales<br>Pasaje Mendez Vigo, 5<br>Barcelona (p. 5) | | | Dimitri Gorostiaga |
| 14 | Comisariado de Guerra de las Brigadas Internacionales<br>Pasaje Mendez Vigo, 5<br>Barcelona (p. 6) | | | Dimitri Gorostiaga |
| 15 | Filipinos que van a Mejico | | Makinilyadong Teksto | Dimitri Gorostiaga |
| 16 | Filipinos | | | Dimitri Gorostiaga |
| 17 | Partido Comunista de España<br>Comité Central<br>Calle Balmes, 205<br>Barcelona | Enero 9, 1939 | Pormularyong nakalimbag | Eduardo Miranda Gonzalez |
| 18 | | | Larawang B&W | Larawan ni Manuel Lizzaraga |

| Blg. | Pamagat o Letterhead ng Dokumento | Petsa | Tipo ng Dokumento at Anyong Pisikal | Paksa/ May-akda |
|---|---|---|---|---|
| 19 | | | Likuran ng larawan na nakasulat-kamay ang pangalang "Manuel Lizarraga" | |
| 20 | Pinatungan ang teksto ng letterhead na "Partido Comunista de España" ng "LIZARAGA Manule - américain voir arch gen 134 p 369" pero litaw pa rin ang "Balmes, 2015 - Teléfono 74143 Barcelona"<br><br>Nakalimbag sa kaliwa-itaas: "Comisión Central de Cuadros (Sección extranjeros)<br><br>Pamagat: "Biografia de Militantes" (Pinapaliwanag sa teksto sa ibaba na bahagi ito proseso ng paghapag ng aplikasyon para sa Partido Komunista ng Espanya) (p. 1) | | Pormulasyong nakalimbag | Manuel Lizarraga (b. 1-1-1895) |
| 21 | Pamagat: "Biografia de Militantes" (p. 2) | | | Manuel Lizarraga |
| 22 | Pamagat: "Biografia de Militantes" (p. 3) | | | Manuel Lizarraga |
| 23 | Pamagat: "Biografia de Militantes" (p. 4) | 12 Mayo 1938 (Vich) | | Manuel Lizarraga (pirma) |
| 24 | | | Makinilyadong mga talang impormasyon hinggil kay Manuel Lizarraga | Manuel Lizarraga |
| 25 | | | Piraso ng papel na *onion skin* na may isa pang pirasong papel na nakadikit sa ibabaw nito | Manual Lizarraga |
| 26 | Makinilyadong label sa idinikit na piraso ng papel: "LIZARRAGO Ver arch. gen. - americ. 10. - 98." | | Piraso ng papel na *onion skin* na may tatlo pang piraso ng papel na idinikit sa ibabaw. Makinilyadong mga teksto. | Manuel Lizarraga |
| 27 | | 15.12.36 | Index Card | Manuel Lizarraga |
| 28 | Partido Comunista de Espana<br>Comite Central<br>205, Calle Balmes<br>Barcelona | Enero 1939 | | Carlos Lopez Maestu |

| Blg. | Pamagat o Letterhead ng Dokumento | Petsa | Tipo ng Dokumento at Anyong Pisikal | Paksa/ May-akda |
|---|---|---|---|---|
| 29 | Pinatungan ng dalawang maliit na larawan ang tekstong "Partido Comunista de España Balmes, 2015 - Teléfono 74143 Barcelona"<br><br>Nakalimbag sa kaliwa-itaas: "Comisión Central de Cuadros (Sección extranjeros)<br><br>Pamagat: "Biografia de Militantes" (Pinapaliwanag sa teksto sa ibaba na bahagi ito proseso ng paghapag ng aplikasyon para sa Partido Komunista ng Espanya) (p. 1) | | Pormularyong nakalimbag | Luna Ortega Artemio (b. 27 de Febrero) |
| 30 | Pamagat: "Biografia de Militantes" (p. 2) | | Pormularyong nakalimbag | Artemio Luna Ortega |
| 31 | Pamagat: "Biografia de Militantes" (p. 3) | | Pormularyong nakalimbag | Artemio Luna Ortega |
| 32 | Pamagat: "Biografia de Militantes" (p. 4) | 17 Mayo 1938 (Vic) | Pormularyong nakalimbag | Artemio Ortega Luna (pirma) |
| 33 | "Questionaire for Transfer to the C.P.S" (p. 1) | | Pormularyong makinilyado | Artemio Ortega Luna |
| 34 | "Questionaire for Transfer to the C.P.S" (p. 2) | 11-7-37 | Pormularyong makinilyado | Artemio Ortega Luna (pirma) |
| 35 | Pamagat na nakakahon: Solicitud de Paso o Ingreso en el Partido Comunista Español (Seccion de la Internacional Comunista) (p. 1) | Nov. 8, 1937 | Pormularyong nakalimbag | Artemio Ortega Luna (b. Feb. 2, 1901) (pirma) |
| 36 | Pamagat na nakakahon: Solicitud de Paso o Ingreso en el Partido Comunista Español (Seccion de la Internacional Comunista) (p. 2) | | | Artemio Ortega Luna |
| 37 | LUNA Artenio | | Makinilyadong Teksto<br><br>Ang kabilang panig ng teksto ay tumatagos at mababasa dito ang sumusunod: "BASE de las Brigadas Internacionales Servicio de los Efectivos"<br><br>"Albacete, el ___ de____ de 193" | Artemio Ortega Luna |

TALAHANAYAN 2 (KATULOY)

| Blg. | Pamagat o Letterhead ng Dokumento | Petsa | Tipo ng Dokumento at Anyong Pisikal | Paksa/ May-akda |
|---|---|---|---|---|
| 38 | | Junio 2 de 1938 Hospital Militar de Vich | Liham na sulat-kamay | Artemio Ortega Luna |
| 39 | Army and Navy Club Manila, Philippines | 22 October 1938 | Liham na makinilyado | Lt. Ramon Padilla (Toki-Eder, San Sebastian Spain) |
| 40 | Army & Navy Club Manila, Philippines (envelope, harap) | | | Lt. Ramon Padilla (Toki-Eder, San Sebastian Spain) |
| 41 | Army & Navy Club Manila, Philippines (envelope, likod) | Tinatakan Nov. 22, 1938 | | Lt. Ramon Padilla |
| 42 | | | Piraso ng papel na *onion skin* na may isa pan piraso ng papel na idinikit sa ibabaw. | Pedro Penino |
| 43 | | | Piraso ng papel na *onion skin* na may dalawang piraso ng papel na idinikit sa ibabaw. Makinilyadong teksto. | Eduardo Miranda Gonzalez<br><br>Modesto de Ansoleaga y Esteban<br><br>Carlos Lopez Maestu |

TALAHANAYAN 3 — PAGSASALIN/PAGBUBUOD NG ILANG TALA HINGGIL SA MGA INDIBIDWAL NA PANGALAN MULA SA ALBA, PKP AT COMINTERN

| | | |
|---|---|---|
| **Servando Acevedo Mondragon** | | |
| ALBA: Acevedo Mondragon, Servando. (Acebido, Sevando), isinilang Oktubre 23, 1895, Pilipinasl Pilipino; POW; balo, karpintero at tripulante; Partido Komunista 1931, natakatanggap ng pasaporte #59 serye ng Pilipinas noong Hulyo 12, 1937 na inilista ang kanyang tirahan bilang 134 Columbia Street, Brooklyn, New York; Naglayag noong Hulyo 21, 1937 sakay ng barkong Berengeria; Nakarating sa Espanya at pumaloob sa Brigada Internasyunal noong Agosto 5, 1937; Nagsilbi sa ika-15 na BDE, Mackenzie-Papineau BN; Nadakip Abril 1938 sa Gandesa; sa panahon ng Atrasan; Ipinagpalit noong Abril 22, 1939; Bumalik sa US bilang tripulante sa barkong Manhattan, pinigilan ng imigrasyon dahil wala siyang bisa na pang-imigrasyon; Ikalawang Digmang Pandaigdig marinong mangangalakal. | PKP: Si Servando Acevedo Mondragon (isinilang 1895 sa Pilipinas at may pasaporte inisyu sa Maynila na may petsang Hulyo 12, 1937) ay naglayag mula Maynila patungong USA noong Hulyo 21, 1937. Sumali siya sa Brigadang Lincoln sa Brooklyn. Pumaloob sa ika-59 na Batayon (ang wikang Espanyol na ika-3 na Batalyon ng ika-15 na Brigada) at naiulat na nasa Kampo ng Gandesa mula Marso hanggang Abril 1938. Nahuli ng mga pasista, may ulat na pinalaya siya sa isang pagpapalitan ng POW noong Abril 22, 1938. | COMINTERN: (walang tala) |
| **Enrique Almenar Galza (Galfa)** | | |
| ALBA: Enrique Galfa Almenar (walang tala) | PKP: (walang tala) | COMINTERN: Enrique Galfa Almenar. Isinilang siya noong Hulyo 25, 1920 at nanirahan sa Calle El Dorado 556 sa Maynila.<br>Taong 1925 siya nakarating sa Espanya at nanirahan kasama ng kanyang mga magulang sa Barcelona. Manggagawa siya sa Fabrica de Botones Juan Galalich at miyembro ng Confederación Nacional del Trabajo (CNT) mula Hulyo 1936.<br>(Tila maling tinukoy siya sa isa pang dokumento bilang isang kemista (quimico). Nakapakat siya noong Hulyo 1936 sa Columna Durruti at mula Abril 18, 1938 sa ika-179 na Brigada, ikaapat na Kumpanya (carabinero). Binigyang-pansin na bagamat mabuti ang kanyang ugali ay hindi siya lumalahok sa mga diskusyon. Kasama siya sa mga labanan sa Alcubierre, Legre at Lerida. |

| | | |
|---|---|---|
| **Modesto Anzoleaga Esteban** | | |
| ALBA: Ausobasa Esteban, Modesto. Filipino. | PKP: Modesto Ausobasa Esteban (walang tala) | COMINTERN: Modesto Ausobasa Esteban. Nakapakat siya sa ika-51 na Brigada at hindi miyembro ng Partido Komunista. Maganda ang kanyang perspektibang pulitikal ngunit hindi aktibo. Mabuti ang kanyang ugali at ang mga pananaw tungkol sa kanya ay positibo. Sertipikado siya bilang hindi Trotskyista o agent provocateur. Pinirmahan ang dokumento ng Komiteng Pampartido ng brigada. |
| **Aquilino Belmonte Capinolio** | | |
| ALBA: Belmonte-Capinolio, Aquilino (Belmonte Capinolio, Aquilino Belmonte/ Agilino); isinilang 1902, Pilipinas, Pilipino; POW; 35 taong gulang; Nagsilbi sa Yunit na Espanyol; Nabihag at ipiniit sa Mira de Ebro hanggang 1941. | PKP: Nahuli si Aquilino Belmonte-Capinolio (isinilang 1902) ng mga pasista at nakalista ka pa rin kahit noong 1942 (habang nagaganap ang Ikalawang DIgmang Pandaigdig) bilang isang “bilanggong walang saklolo” na nakakulong kasama ng iba pang mga Espanyol na Republikano sa kampong konsentrasyon sa Burgos, Espanya. | COMINTERN: Aquilino Belmonte-Capinolio (walang tala) |
| **Mark Fajardo** | | |
| ALBA: Fajardo, Mark. (Marcus Fajardo; Favardo), isinilang Marso 1, 1905, Pilipinas, Pilipino, POW, walang asawa, kusinero, natanggap ang pasaporte #119 serye ng Kapuluan ng Pilipinas noong Pebrero 10, 1938 na inilista ang kanyang tirahan bilang 61 East 121st Street, New York, Naglayag noong Pebrero 28, 1938, Nagsilbi sa ika-127 na Brigada, Nabihag noong Marso 10–17, 1938, sa panahon ng Atrasan, Ipinagpalit Abril 22, 1939, Bumalik sa US noong Hulyo 2, 1939 sakay ng barkong Collamer. | PKP: Si Mark Fajardo (isinilang Enero 1905 sa Pilipinas) ay naglayag patungong Espanya mula sa USA noong Pebrero 1938, nakapaloob na siya sa ika-127 na Brigada ng Republikanong Sandatahan ng Espanya noong Setyembre 1938 sa Kampo ng San Pedro de Cardena, kasama ng isa pang Pilipino. Nabihag ng mga pasista, may ulat na pinalaya si Fajardo sa isang pagpapalitan ng POW noong Abril 22, 1938, o isang buwan pagkaraan ng pagbagsak ng Republika ng Espanya. | COMINTERN: Mark Fajardo. Edad 33. Filipino. Partido Komunista ng New York, Abril 1935 |

| **Dimitri Gorostiaga** | | |
|---|---|---|
| ALBA: Gorostia, Dimitri. Pilipino, tirahan Mexico (?), isa siyang boluntaryong Pilipino na nakapiit sa Pranses na kampong konsentrasyon sa Argelès-sur-Mer, Marso–Abril 1938. Ininahay siya sa kampo sa 'Group Sur Americaine' na ipinahihiwatig na nagsilbi siya kasama ang ika-15 na BDE, Marahil ay nakatira siya sa Mexico bago sumali sa Brigada Internasyunal. | PKP: Si Dimitri Gorostiaga (marahil isang pseudonym) ay sumali sa hanay ng mga Republikano mula sa Mexico. Noong Marso–Abril 1939, inulat na nakakulong siya sa isang kampong konsentrasyon sa Angeles-sur-Mer [sic], ang isa sa mga lugar sa Timog Pransya kung saan pinigil ang mga tumatakas mula Espanya (pagkatapos ng pagbagsak ng Republika ng Espanya noong Marso 1939). Sa grupong ito, inihanay si Gorostiaga sa 'Groupe Sur Americaine', na ipinahihiwatig na kasama niya ang ikatlong Batalyong Amerika Latina ng ika-15 na Brigada Internasyunal. | COMINTERN: Dimitri Gorostiaga. Isinilang siya noong Oktubre 8, 1909. Nanirahan siya sa 250 Concepcion sa Maynila. Binanggit niya na lumagi rin siya sa China. Dati siyang empleyado sa kumpanyang Rosenstock & Co. Nakapagsasalita siya kapwa ng Espanyol at Ingles.<br>Disyembre 15, 1937 ang petsa ng kanyang pagdating sa Espanya. Sumali siya sa ika-58 na Batalyon, ika-50 na Kumpanya. Pumakat din siya sa Tarazona (Probinsya ng Zaragoza) kasama ang Espesyal na Kumpanya ng mga Machinegunner, ika-15 na Brigada, ika-58 na Batalyon, ika-50 na Kumpanya. Lumaban siya sa Ebro at Gandesa at nanatiling apat na buwan sa larangan. Nagsilbi din siya bilang tagasalin sa iba't ibang pagkakataon. Natuto daw siya ng mahusay na paggamit ng machine gun. Sa larangang pampulitika ay ipinapalagay niyang sapat ang kanyang nalalaman dulot ng kanyang "obsesyon" sa pagbabasa. Sa pormularyo ng Komisariadong Pandigma ng Brigada Internasyonal ay sinulat niya, "Ihahatid ng Frente Popular ang tagumpay sa Republika ng Espanya… Sapagkat ang Frente Popular ay may kaisahan, at kung saan may kaisahan ay may lakas, at sa pamamagitan ng lakas na ito ay mapapalayas natin ang mga mananalakay na pasista. Ito ang instrumento para sa hangarin ng mamamayan ng Espanya… Gumanap ng mahalagang papel ang Brigada Internasyonal. Ipinakita nila sa daigdig na kaisa ng Republika ang mga proletaryo ng daigdig sa kaluluwa at diwa."<br>Nasugatan siya sa kaliwang bahagi ng katawan noong Agosto 1, 1938 sa Labanan ng Ebro, malapit sa Gandesa, at dinala sa hospital ng Vic, Barcelona kung saan siya nanatili ng 45 araw. Balak niyang tumungo papuntang Siyudad ng Mexico, Mexico.<br>May talang kasama ang mga dokumento na kinakategorya siya bilang simpatisador ng Partido Komunista. |

| Manuel Lizarraga | | |
|---|---|---|
| ALBA: Lizarrago, Manuel. (Manvel), isinilang 1895; Pilipino; nakatanggap ng pasaporte # 1379 serye ng Kapuluan ng Pilipinas noong Hunyo 20, 1936 na inilista ang kanyang tirahan bilang Maynila, Pilipinas at Philadelphia, Pennsylvania; Nagsilbi sa ika-15 na BDE, Ingles na BN, tagasalin, Jarama; Bumalik sa US noong Agosto 28, 1938 sakay ng barkong DeGrasse; Hukbong Sandatahan noong Ikalawang Digmang Pandaigdig. | PKP: Si Manuel Lizarrago (isinilang 1895 sa Maynila) ay sumapi sa Brigadang Lincoln sa Philadelphia noong 1936 at nakalista sa mga nabihag ng mga pasista sa taon ding ito sa Jarama kung saan nasabak ang Brigadang Lincoln sa pinakauna at isa sa mga pinakamadugo nitong labanan. | COMINTERN: Manuel Lizarraga. Isinilang noong Enero 1, 1895. Nanirahan siya sa Calle Aldecoa 1269, Maynila. Monico Lizarraga ang pangalan ng kanyang ama at Pastora Conejero naman ang kanyang ina. Wala siyang asawa. Isinaad niyang wala siyang mga kamag-anak na mga pasista o miyembro ng pulis.<br>Nagtapos siya na may batsilyer at nagtrabaho bilang isang tripulanteng mangangalakal (pormal din siyang nag-aral ng agrikultura) sa Maynila ng dalawampung taon. Miyembro siya ng asosasyon ng mga opisyales na marino sa Maynila at empleyado sa Compañía Naviera Elizalde (Elizalde Shipping Line) sa barkong "Vizayas" kasama ang animnapu pang ibang mga tripulante. P200 ang kanyang buwanang kita. Tumira siya ng tatlong buwan sa New York noong 1934.<br>Nakarating siya sa Espanya noong 10-12-1936 batay sa awtorisasyon ng Partido Komunista ng Pransya sa Nice kung saan siya nanggaling. Sumali siya sa Partido Komunista noong 1938 habang nakapakat sa ika-15 na Brigada Internasyonal. Wala siyang karanasan sa labanan ngunit sinulat niya na ang kanyang layunin ay, "lumaban para sa mga mithiin ng proletaryado." Nagsimula siya sa ranggong simpleng kawal at naging tenyente. Iniangat siya sa ranggong sarhento at ginawang tenyente sa Jarama (at Brunete) dahil sa kanyang ipinabatid na galing sa pakikipaglaban. Nasugatan siya sa kamay at nagpagaling sa ospital sa Vic (Probinsya ng Barcelona). Dineklara siyang hindi na maaaring bumalik sa serbisyo militar at inatasan ng mga tungkulin sa rearguard. Karaniwan daw siyang nagbabasa ng pahayagang Frente Rojo at ang mga akda ni Lenin. Interesado daw siya sa usapin ng ugnayan ng mga mamumuhunan at ng mga empleyado. Marunong siya ng mga wikang Espanyol, Ingles, Pranses, Portuges at Filipino. Sinasabi niyang nagsulat siya ng mga artikulo tungkol sa mga problemang panlipunan na inilathala sa Periodico mund. de Batallon. Inilarawan siya sa isang piraso ng papel, "Isang kasamang Pilipino, na kahit isang mahusay na antipasista ay nangangailangan ng edukasyong pampulitikal. Kamakailan lamang pumaloob sa Partido Komunista ng Espanya." (May larawan niya kasama ng kanyang file.) |

| | | |
|---|---|---|
| **Carlos Lopez Maeztu** | | |
| ALBA: Maltza, Carlos Lopez. (Carlos Lopez Maestu), Pilipino, Nagsilbi kasama ng mga pwersang Loyalista, tumakas sa Pransya pagkabagsak ng Barcelona, inilagay sa isang kampong konsentrasyon, hindi babayaran ng FALB (Friends of the Lincoln Brigade) o ng konsul na Amerikano ang kanyang pagbalik sa Pilipinas, bumalik siya sa Espanya kung saan nakatira ang ilang kamag-anak, pati ang kanyang asawa, inaresto siya at ikinulong, noong 1941 ay nakapiit pa rin siya sa Kampo Mira de Ebro. | PKP: (walang tala) | COMINTERN: Carlos Lopes Maestu. May ranggong corporal (cabo). Inulat ng Partido Komunista ng Espana noong Enero 1939 na hindi siya miyembro ng Partido. Mabuti ang kanyang ugali ngunit wala siyang interes sa pulitika. Disiplinado siya at seryoso at positibo ang pangkalahatang opinyon tungkol sa kanya, "Mabuti siyang antipasista." |
| **Artemio Luna Ortega** | | |
| ALBA: Luna, Artemo. (Jack; Ortega Luna, Artemio), Pilipino; walang asawa; draftsman; Partido Komunista 1933; Tirahan 207 E 29th Street, New York; Naglayag Enero 5, 1937 sakay ng barkong Champlain; Nakarating sa Espanya Enero 14, 1937; Nagsilbi sa ika-15 na BDE, Lincoln BN, Jarama at Brunete, makaraan sa Villa Paz. | PKP: (walang tala) | COMINTERN: Artemio Luna Ortega. Isinilang Pebrero 27, 1901. Walang asawa. Ang kanyang ama ay nagngangalang Simplicio Luna at ang kanyang ina ay si Petra Ortega. Galing siya sa isang pamilyang nagmamay-ari ng lupa sa Naguilian, La Union. Ayon sa kanya, ang pananaw pampulitika ng kanyang mga magulang ay "demokrata" at wala silang mga kamag-anak na mga pulis o kasapi ng militar. Siya mismo ay miyembro ng Partido Democrata mula 1920 hanggang 1927. Labindalawang taon siyang nasa eskwelahan at nag-aaral pa sa "College of Engineering" (di binanggit ang unibersidad) nang naganap ang mga rebolusyonaryong pangyayari ng 1917–1918. Nagsanay at nagsilbi siya sa Philippine Constabulary mula 1922 hanggang 1925 at nakamit ang ranggong corporal. Dulot nito ay may kaalaman siyang praktikal at teknikal hinggil sa impanteriya at intelihensya (obserbador) ngunit walang direktang karanasan sa labanan.<br>Nagpunta siya sa US noong 1927 kung saan nagtrabaho siya sa New York bilang engineering draftsman sa "Department of Engineering" kung saan kumikita siya ng $35.77 kada linggo. Nagkaroon siya ng interes sa pulitika mula noong 1931 nang sumali siya sa welga at demonstrasyon para sa mas mataas na sahod bilang miyembro ng Federation of Architects, Engineers and Technicians. Sumapi siya |

| | | |
|---|---|---|
| | | noong 1932 sa Partido Komunista ng USA sa ikalawang distrito ng New York bilang bahagi ng pangkating Pilipino. Dalawang miyembrong Amerikano ng Partido ang sumuporta sa kanyang aplikasyon ng pagsapi. Ayon sa kanya ay nakulong siya nang ilang beses noong 1932 dahil sa paglahok sa mga rally kasama ng ibang mga kasama na hindi niya maalala ang mga pangalan. Napawalambisa ang lahat ng isinampang kaso laban sa kanya. Nagsilbi siyang sekretaryong pampinansya ng kanyang yunit at hindi kailanman napatalsik o pinatawan ng disiplina ng Partido. Natanggap niya ang kanyang pagsasanay na pampulitika sa isang "Workers' School."<br>Tumungo siya sa Espanya bilang miyembro ng ika-15 na Brigadang Lincoln noong Enero 12, 1937 sa pamamagitan ng Partido upang, "ipaglaban ang kalayaan ng mga manggagawa." Naghapag siya ng kahilingan ng pagsali sa Partido Komunista ng Espanya noong Nobyembre 8. 1937. Simula Nobyembre 11, 1937 ay lumahok siya sa mga labanan sa Jarama at Brunete bilang kawal ngunit bumalik din mula sa larangan dulot ng matinding pagkahapo. Nagtrabaho siya pagkaraan bilang guwardiya sa ospital sa Villa Paz No. 1 at sumali naman sa UGT sa Saelices, Espanya (mula Abril 1?, 1938) sa lakas ng kanyang katibayan ng pagsapi sa Partido. Naging miyembro din siya ng Socorro Rojo (International Red Aid).<br>Nakapagbabasa ng at nakapagsusulat siya sa Espanyol at Ingles at regular na nagbabasa ng mga peryodikong Daily Worker, Mundo Obrero at El Prente Rojo [sic]. Ayon sa listahan niyang ibinigay, pinag-aralan o binasa na niya ang mga akdang, Communist Manifesto, Das Kapital (by Carlos Marx), Historical Materialism, Dialectical Materialism, State and Revolution, Leninism atbp. Nais niyang mag-aral pa hinggil sa ekonomiya. |
| **Eduardo Miranda Gonzalez** | | |
| ALBA: Mirandu Gonzales, Eduardo. Filipino. | PKP: Eduardo Miranda Gonzales (walang tala) | COMINTERN: Eduardo Miranda Gonzales. Nagsilbi bilang isang kawal. Hindi siya kasapi ng Partido Komunista. Bagamat walang masasabi tungkol sa kanyang partisipasyon ay pinuna ang kanyang kawalang interes sa mga usaping pulitikal. Pinansin din na "may pagdududa siya mismo sa kanyang sariling antipasismo." Nakasaad na nais niyang tumuloy patungong Mexico. |

| **Pedro Penino** | | |
|---|---|---|
| ALBA: Penino, Pedro. Isinilang 1907, Maynila, Pilipinas; Pilipino; Tripulante; Partido Komunista 1934; walang asawa; nakatanggap ng pasaporte # 47 seryeng Kapuluan ng Pilipinas noong Enero 8, 1837 na inilista ang kanyang tirahan bilang 524 Tayabas Street, Maynila, Pilipinas, at 1072 Washington Street, San Francisco, California, 32 taong gulang; Naglayag noong Enero 16, 1937 sakay ng barkong Paris; Nakarating sa Espanya Pebrero 14, 1937; Nagsilbi sa ika-15 BDE, Lincoln BN, sa Jarama (Tumiwalag Hunyo 27, 1937); Bumalik sa ika-12 BDE Auto Park, at sa Interdencia bilang elektrisyan; Nagsilbi noong Ikalawang Digmang Pandaigdig bilang líder ng pakikibaka lavan sa Hapon; Nagsanay ng mga gerilyang Huk (Tanay, Rizal), Namatay sa pakikipaglaban noong 1945 sa pananakop muli ng mga Amerikano sa Maynila. | PKP: Si Pedro Penino (isinilang 1907 sa Maynila) ay kabilang sa "Rizal Company" ng Brigadang Lincoln. Lumahok siya sa labanan ng isang taon sa Espanya, at nagsulat ng salaysay hinggil sa mga naganap sa mga trintsera ng Madrid noong Bagong Taon 1938. Pagbalik niya sa USA ay hindi siya pinapasok muli at napilitang bumalik sa Pilipinas. Mayo 1938 siya nakabalik sa Maynila na may sakit at walang kapera-pera. Naging kasapi siya ng PKP at nagbigay ng mga lektura hinggil sa kanyang mga karanasan sa Espanya. (Tala: pagkaraan ay tumulong si Penino sa pagsasanay ng isang pangkat ng mga mandirigmang HUKBALAHAP sa Tanay, Rizal, noong maagang 1942, at nagging aktibo sa lihim na network na Manila-Rizal sa panahon ng giyera. Napatay siya sa pagsalakay ng isang yunit na Hapon sa bahaging Tanque ng Paco, Maynila, nang papatapos na ang digma.)<br>Ayon kay Penino, may mga limampung boluntaryong Pilipino na sumali sa Brigada Internasyunal at maging sa Sandatahan ng Republikasng Espanyol, kasama ang mga boluntaryo mula sa USA, Britain, Germany, China, Japan, Italy, France at iba pang mga bansa sa Europa at Amerika Latina. Binanggit ni Penino sa isang interbyu noong 1938 (sa nakabase sa Maynila na peryodikong Espanyol | COMINTERN: Pedro Penino. Pilipino-Amerikano. Edad 32. Tripulante. Sumapi ng Partido Komunista 1934. Nakarating sa Espanya Peb. 14 kasama ng Brigadang Lincoln sa Jarama hanggang Hunyo 27. Tumiwalag ngunit kusang loob na bumalik. Kasama ng ika-12 Brigadang Auto Park patungong Brunete at Aragon hanggang Setyembre 12. Nagtrabaho mula noon sa Albacete bilang electrician. Tirahan: 1072 Washington St. San Francisco, California. Pwede na bilang kasama. Mainitin. Madaling galitin. Walang pampulitikang pag-unlad. Maaaring gamitin. (COMINTERN) |

| | | |
|---|---|---|
| | na "Union") na kasama ng mga "purong Pilipino" na nagdepensa sa Republikang Espanyol ay isang nagngangalang Claro, na komisar pampulitika ng isang Brigadang Haluan; isang Koronel Santiago (mula Tondo) at isang may pangalang Mendoza na kapwa may matataas na posisyon sa Pangkalahatang Istap ni Heneral Jose Miaja ng Sandatahan ng Republikang Espanyol; isang nagngangalang Manuel, Bisaya na nakapakat sa Milisya ng Republikang Espanyol; at isa pang miyembro ng milisya sa Valencia na nagsasabing kamag-anak siya ng dating Pangulo ng Komonwelt na si Manuel L. Quezon. | |
| **Lt. Ramon Padilla** | | |
| | | COMINTERN: Naglalaman din ang mga file ng Comintern ng isang liham para sa isang isang opisyal na Pilipino na nasa panig ng mga falangista. Nakasaad ang kanyang tirahan bilang Toki-Eder, San Sebastian, Espanya. Bahagi siya ng Battalion Zapadores Mindores Blg. 6. Ipinadala ang liham mula sa Army & Navy Clun sa Maynila bilang tugon sa tanong niya hinggil sa istatus ng kanyang aplikasyon ng pagpapamiyembro. |

MGA SANGGUNIAN

Abraham Lincoln Brigade Archives (ALBA). Kinuha 10 Setyembre 2015 mula sa http://www.alba-valb.org

Aguilar, Filomeno. (2000). Nationhood and transborder labor migrations: The late twentieth century from a late nineteenth-century perspective. *Asian and Pacific Migration Journal, 9*(2), 171–198.

Constantino, Renato. (1975). The Philippines: A Past Revisited. Quezon City: n.p.

Fuller, Ken. (2007). *Forcing the Pace: The Partido Komunista Ng Pilipinas: From Foundation to Armed Struggle*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Partido Komunista ng Pilipinas. (1996). *Communism in the Philippines: The PKP, Book 1*. Metro Manila: Partido Komunista ng Pilipinas-1930.

Requena, Manuel Gallego & M. Lourdes Prades Artigas. (2014). Las Brigadas Internacionales. *Studia historica, Historia contemporánea*, Vol. 32 (pp. 181–195).

Richardson, Jim. (2011). *Komunista : The Genesis of the Philippine Communist Party, 1902–1935*. Quezon City : Ateneo de Manila University Press.

Ritter, Karl (Dir.). (1939). *Im Kampf gegen den Weltfeind - Deutsche Freiwillige in Spanien* [Pakikidigma laban sa Kaaway ng Daigdig – Mga Alemang Boluntaryo sa Espanya] (Haba: 83 minuto 56 sekundo): https://www.youtube.com/watch?v=hONWr4LWgyQ

Rodao, Florentino. (2014). The Spanish community in the Philippines, 1935–1939El impact of the Spanish Civil War and early preparations for independence Philippines in its evolution and identity. Ph.D. dissertation, Department of Area Studies, University of Tokyo.

Russian Federal Archives Website: http://sovdoc.rusarchives.ru

Salazar, Zeus. (1999). The exile in Philippine history. *Asian and Pacific Migration Journal, 8*(1–2), 19–64.

## PASASALAMAT

Sa Deutscher Akademischer Austauschdienst (DAAD) para sa isang panahon ng pananaliksik sa Unibersidad ng Hamburg kung saan unang nagkaroon ng akses sa elektronikong portal ng Arkibo ng Comintern ang may-akda. Salamat kay Vina Lanzona para sa kanyang interes at suporta sa proyekto. Napakalaki at hindi matatawaran ang iniambag ni Jim Richardson sa pagsisinop, pagwawasto, at pagdaragdag ng impormasyon at batis sa kasalukuyang pag-aaral.

## TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Ramon Guillermo ay Propesor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng MA Araling Pilipino sa UP Diliman at Ph.D. Araling Timog-Silangang Asya sa Unibersidad ng Hamburg, Alemanya. May-akda siya ng mga librong *Translation and Revolution* (Ateneo de Manila University Press, 2009) at *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (UP Press, 2009).